



KAGAWARAN NG EDUKASYON  
KA 'OIHANA HO'ONA'AUAO

**MGA MADALAS MAITANONG TUNGKOL SA LIBRE AT MABABANG PRESYO NG MGA PAGKAIN SA PAARALAN**

Hulyo 1, 2024

Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Ang mga bata ay nangangailangan ng malusog na pagkain upang matuto. Nag-aalok ang mga pampublikong paaralan ng Hawaii ng mga masusustansyang pagkain tuwing araw ng pasukan. Ang almusal ay nagkakahalaga ng \$1.10; Ang tanghalian ay nagkakahalaga ng \$2.50 para sa elementarya at \$2.75 para sa sekundaryang mga mag-aaral. **Ang iyong mga anak ay maaaring maging kwalipikado para sa mga libreng pagkain o para sa pinababang presyo ng mga pagkain.** Ang pinababang presyo ay \$0.30 para sa almusal at \$0.40 para sa tanghalian. Ito ay isang aplikasyon para sa libre o pinababang presyo ng mga benepisyo ng pagkain, at isang hanay ng mga detalyadong tagubilin. Ang pagkumpleto ng aplikasyon na ito ay boluntaryo. Nasa ibaba ang ilang karaniwang tanong at kasagutan upang matulungan ka sa proseso ng aplikasyon.

**1. SINO ANG MAAARING MAKAKAIN NG LIBRE O NASA MABAWANG PRESYO?**

- Lahat ng bata sa mga sambahayan na tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) o Temporary Assistance for Needy Families (TANF) ay karapat-dapat para sa libreng pagkain.
- Ang mga foster na bata o mga batang inampon na nasa ilalim ng legal na responsibilidad ng isang foster care agency o hukuman ay karapat-dapat para sa libreng pagkain.
- Ang mga batang lumalahok sa programa ng Head Start ng kanilang paaralan ay karapat-dapat para sa mga libreng pagkain.
- Ang mga bata na nakakatugon sa kahulugan ng homeless o kawalang tirahan, runaway o mga tumakas, o migrante ay karapat-dapat para sa libreng pagkain.
- Ang mga bata ay maaaring makatanggap ng libre o pinababang presyo ng mga pagkain kung ang kinikita ng iyong sambahayan ay nasa antas o mas mababa sa mga limitasyon ng Federal Income Eligibility Guidelines (tingnan ang tsart sa ibaba).

**FEDERAL ELIGIBILITY INCOME CHART PARA SA TAON NG PAARALAN 2024-2025**

Laki ng Sambahayan	Taunan	Buwanan	Lingguhan	Laki ng Sambahayan	Taunan	Buwanan	Lingguhan
1	\$ 32,024	\$ 2,669	\$ 616	5	\$ 77,830	\$ 6,486	\$ 1,497
2	\$ 43,475	\$ 3,623	\$ 837	6	\$ 89,281	\$ 7,441	\$ 1,717
3	\$ 54,927	\$ 4,578	\$ 1,057	7	\$ 100,733	\$ 8,395	\$ 1,938
4	\$ 66,378	\$ 5,532	\$ 1,277	8	\$ 112,184	\$ 9,349	\$ 2,158
Para sa bawat karagdagang tao:					\$ 11,452	\$ 955	\$ 221

**2. PAANO KO MALALAMAN KUNG ANG AKING MGA ANAK AY KWALIPIKADO BILANG HOMELESS O KAWALANG TIRAHAN, MIGRANTE, O RUNAWAY O TUMAKAS?**

Kulang ba ng permanenteng tirahan ang mga miyembro ng iyong sambahayan? Kayo ba ay nagsasama-sama sa isang shelter, hotel, o iba pang pansamantalang kaayusan sa pabahay? Ang iyong pamilya ba ay lumilipat ng pana-panahon? Mayroon bang sinumang mga bata na nakatira sa iyo na piniling umalis sa kanilang dating pamilya o sambahayan? Kung naniniwala kang natutugunan ng mga bata sa iyong sambahayan ang mga paglalarawang ito at hindi pa sinabi sa iyong mga anak na makakakuha ng libreng pagkain, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak para sa karagdagang tulong.

**3. KAILANGAN KO BA MAG-PUNAN NG APLIKASYON PARA SA BAWAT BATA?**

Kung ang lahat ng bata sa iyong sambahayan ay pumapasok sa isang pampublikong paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (DOE), kailangan mo lamang magsumite ng isang aplikasyon para sa sambahayan. Gayunpaman, kung ang ilang mga bata sa loob ng iyong sambahayan ay pumapasok sa mga pampublikong charter school o pribadong paaralan kakailanganin mong makipag-ugnayan sa mga paaralang iyon upang makuha ang naaangkop na form ng aplikasyon para sa pagkain. Halimbawa, kung mayroong apat na bata sa iyong sambahayan, ang isa ay nag-aaral sa isang pampublikong charter school, ang isa ay nag-aaral sa isang pribadong paaralan, ang isa ay nag-aaral sa isang pampublikong DOE elementarya, at ang isa ay nag-aaral sa isang pampublikong DOE high school, kakailanganin mong kumpletuhin ang tatlong magkahiwalay na mga form ng aplikasyon. Hindi kami nagpoproseso ng mga aplikasyon para sa mga pampublikong charter school o pribadong paaralan. Hindi namin maaaprubahan ang isang aplikasyon na hindi kumpleto, kaya siguraduhing punan ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Ibalik ang nakumpletong aplikasyon sa paaralan ng iyong anak o ipadala ito nang direkta sa: School Food Services Branch, 1106 Koko Head Avenue, Honolulu HI 96816.

**4. DAPAT BA AKONG MAGPUNAN NG APLIKASYON KUNG NAKATANGGAP AKO NG LIHAM NGAYONG SCHOOL YEAR NA NAGSASABI NA APRUBADO NA ANG AKING MGA ANAK PARA SA LIBRENG PAGKAIN?**

Hindi, ngunit mangyaring basahin nang mabuti ang sulat na nakuha mo at sundin ang mga tagubilin. Kung may mga bata sa iyong sambahayan na nawawala sa iyong abiso sa pagiging kwalipikado, makipag-ugnayan kaagad sa paaralan ng iyong anak.

**5. ANG APLIKASYON NG ANAK KO AY NAAPRUBAHAN NA NOONG NAKARAANG TAON. KAILANGAN KO BA MAGPUNAN NG ISA PA?**

Oo. Ang aplikasyon ng iyong anak ay may bisa lamang para sa nakaraang taon ng pag-aaral at para sa mga unang araw ng taong ito ng pasukan. Anumang mga aplikasyon na naaprubahan bago ang Hulyo 1, 2024, ay hindi magiging naaangkop para sa 2024 - 2025 school year. Maliban kung nakatanggap ka ng abiso sa pagiging karapat-dapat para sa school year 2024 - 2025, kailangan mong kumpletuhin ang isang bagong aplikasyon. Ang hindi pagkumpleto ng bagong aplikasyon ay magreresulta sa pagbabago sa katayuan ng iyong anak at ang iyong anak ay sisilingin ng buong presyo para sa mga pagkain.

**6. NAKATANGGAP AKO NG TULONG MULA SA SPECIAL SUPPLEMENTAL NUTRITION PROGRAM FOR WOMEN, INFANTS AND CHILDREN (WIC). MAKAKUHA BA NG LIBRENG PAGKAIN ANG AKING MGA ANAK?**

Ang mga bata sa mga sambahayan na kalahok sa WIC ay maaaring maging karapat-dapat para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain. Mangyaring magsumite ng aplikasyon.

**7. SUSURIIN BA ANG IMPORMASYON NA IBINIGAY KO?**

Oo. Maaari din naming hilingin sa iyo na magpadala ng nakasulat na patunay ng kinikita ng sambahayan na iyong iniulat.

**8. KUNG HINDI AKO KWALIPIKADO NGAYON, PWEDE BA AKONG MAG-APPLY MULI?**

Oo, maaari kang mag-apply anumang oras sa taon ng paaralan. Halimbawa, kung ikaw o ang isang tao sa iyong sambahayan ay makaranas ng pagkawala ng sagad o mawalan ng trabaho, maaari mong piling mag-apply muli at ang iyong anak ay maaaring maging karapat-dapat para sa libre at pinababang presyo ng mga pagkain kung ang kinikita ng sambahayan ay bumaba sa ibaba ng limitasyon ng kinikita.

**9. PAANO KUNG HINDI AKO SANG-AYON SA DESISYON TUNGKOL SA AKING APLIKASYON?**

Mangyaring makipag-ugnayan sa mga opisyal sa paaralan ng iyong anak. Maaari ka ring humingi ng pagdinig sa pamamagitan ng pagtawag sa (808) 784-5500 o sa pamamagitan ng pagsulat sa School Food Services Administrator, 1106 Koko Head Avenue, Honolulu, HI 96816.

**10. PWEDE BA AKONG MAG-APPLY KUNG MAY ISANG TAO SA AKING SAMBAHAY NA HINDI MAMAMAYAN NG U.S.?**

Oo. Ikaw, ang iyong mga anak, o iba pang miyembro ng sambahayan ay hindi kailangang maging mamamayan ng U.S. para mag-apply para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain.

**11. PAANO KUNG HINDI LAGING PARE-PAREHAS ANG KINIKITA KO?**

Ilista ang halaga na karaniwan mong natatanggap. Halimbawa, kung karaniwan kang kumikita ng \$1,000 bawat buwan, ngunit lumiban ka sa ilang trabaho noong nakaraang buwan at kumita lang ng \$900, ilagay na ang iyong kinikita ng \$1,000 bawat buwan. Kung karaniwan kang nag-overtime, isama ito, ngunit huwag isama kung minsan ka lang mag-overtime. Kung nawalan ka ng trabaho o binawasan ang iyong mga oras o sahod, gamitin ang iyong kasalukuyang kinikita.

**12. PAANO KUNG ANG ILANG MGA MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN AY WALANG KINIKITA PARA MAG-REPORT?**

Maaaring hindi makatanggap ang mga miyembro ng sambahayan ng ilang uri ng kinikita na hinihiling namin sa iyo na iulat sa aplikasyon, o maaaring hindi makatanggap ng kikitain. Sa tuwing mangyayari ito, mangyaring sumulat ng "0" sa field. Gayunpaman, kung ang anumang mga patlang ng kinikita ay naiwang walang laman o blangko, ang mga iyon ay mabibilang din bilang mga zero. Mangyaring mag-ingat kapag iniwan na blangko ang mga field ng kinikita, dahil ipagpalagay namin na sinadya mong gawin ito.

**13. NASA MILITAR KAMI. IBA BA ANG I-UULAT NAMIN SA AMING KINIKITA?**

Ang iyong pangunahing sahod at mga cash na bonus ay dapat iulat bilang kinikita. Kung makakakuha ka ng anumang cash value allowance para sa off-base na pabahay, pagkain, o damit, dapat din itong isama bilang kinikita. Gayunpaman, kung ang iyong pabahay ay bahagi ng Military Housing Privatization Initiative, huwag isama ang iyong allowance sa pabahay bilang kinikita. Ang anumang karagdagang bayad sa labanan na nagreresulta mula sa pag-deploy ay hindi rin kasama sa kinikita.

**14. PAANO KUNG WALANG SAPAT NA ESPASYO SA APLIKASYON PARA SA AKING PAMILYA?**

Ilista ang anumang karagdagang miyembro ng sambahayan at kinakailangang impormasyon sa isang hiwalay na piraso ng papel, at ilakip ito sa iyong aplikasyon.

**15. KAILANGAN PA NG KARAGDAGANG TULONG NG AKING PAMILYA. MAY IBANG PROGRAMA BA NA MAAARI NATING I-APPLY?**

Upang malaman kung paano mag-apply para sa Hawaii SNAP o iba pang mga benepisyo ng tulong, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng tulong o tumawag sa 211.

**16. MAAARI BA AKONG MAG-APPLY ONLINE?**

Oo! Hinihikayat ka naming kumpletuhin ang isang online na aplikasyon sa halip na isang papel na aplikasyon kung magagawa mo. Ang online na aplikasyon ay may parehong mga kinakailangan at hihilingin sa iyo ang parehong impormasyon tulad ng papel na aplikasyon. Bisitahin ang ezmealapp.com upang magsimula o upang matuto nang higit pa tungkol sa proseso ng online na aplikasyon. Makipag-ugnayan sa School Food Services Branch sa (808) 784-5500 kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa online na proseso ng aplikasyon.

Kung mayroon kang iba pang mga katanungan o kailangan ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong (mga) anak.

Sumasainyo,

## Patakaran sa Hindi Nabayarang Pagsingil sa Pagkain

Alinsunod sa patakaran ng United States Department of Agriculture (USDA) Food and Nutritional Service (FNS) SP 46-2016: Mga Hindi Nabayarang Singil sa Pagkain - Mga Patakaran sa Pagsingil ng Lokal na Pagkain at Hawaii Senate Bill 423, ang sumusunod ay patakaran ng Kagawaran:

- Ang mga mag-aaral na hindi makapagbayad ng kanilang pagkain sa punto ng serbisyo ay papayagang magkaroon ng (pagkain lamang) na mga singil para sa unang 21 araw ng paaralan;
- Ang magulang/tagapag-alaga ay may pananagutan na bayaran ang lahat ng singil sa pagkain na natamo sa unang 21 araw ng taon ng pag-aaral; at
- Pagkaraan ng unang 21 araw, hindi dapat lumampas ang mga hindi nabayarang singil sa pagkain sa katumbas ng cash na pitong araw.

Nakalista sa ibaba ang kabuuang pinahihintulatang halagang masingil batay sa pagiging kwalipikado:

- o Pinababang presyo limitasyon ng pagsingil sa pagkain ng mag-aaral ay **\$4.90**.
- o Ang limitasyon sa singil sa pagkain ng Full Paid (K-8) ng mag-aaral ay **\$25.20**.
- o Ang limitasyon sa singil sa pagkain ng Full Paid na mag-aaral (9-12) ay **\$26.95**.

Dagdag pa rito, hindi papayagan ng mga paaralan ang pagsingil ng a la carte o mga karagdagang bagay ng sinumang bata na may negatibong balanse, anuman ang katayuan ng pagiging karapat-dapat ng bata.

Maaaring ipaalala sa mga sambahayan ang kanilang mababang balanse ng lunch account sa pamamagitan ng mga liham na lihim na inilagay sa mga folder ng take-home at/o mga tawag sa telepono.

Ang mga magulang ay maaari ding magtakda ng mga paalala sa mababang balanse sa pamamagitan ng EZSchoolPay.com kung saan sila makakatanggap ng isang abiso sa email.

Dapat bayaran ng Magulang/Tagapag-alaga ang lahat ng singil/utang ng mag-aaral. Kung may naipon na negatibong balanse na higit sa pitong (7) araw na limitasyon sa pagsingil, hindi makakabili ang mga mag-aaral ng mga pagkain o iba pang mga item hanggang ang negatibong balanse ay mas mababa sa 7 araw ng mga singil.

**Ang lahat ng mga negatibong balanse ay dapat bayaran sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral.**

**Pahayag ng Walang Diskriminasyon:** Ipinapaliwanag nito kung ano ang gagawin kung naniniwala kang hindi patas ang pagtrato sa iyo.

Alinsunod sa pederal na batas sa karapatang sibil at U.S. Department of Agriculture (USDA) mga regulasyon at patakaran sa karapatang sibil, ang institusyong ito ay ipinagbabawal na magdiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian at oryentasyong sekswal), kapansanan, edad, o pag-ganti o paghihiganti para sa naunang aktibidad ng mga karapatang sibil.

Ang impormasyon ng programa ay maaaring maging available sa mga wika maliban sa Ingles. Mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon upang makakuha ng impormasyon ng programa (hal, Braille, malalaking pag-print, audiotape, American Sign Language), ay dapat makipag-ugnayan sa responsableng estado o lokal na ahensya na nangangasiwa sa programa o sa USDA's TARGET Center sa (202) 720-2600 (voice at TTY) o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Federal Relay Service sa (800) 877-8339.

Upang maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa programa, dapat kumpletuhin ng isang Nagrereklamo ang isang Form AD-3027, Form ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Programang USDA na maaaring makuha online sa: <https://www.usda.gov/sites/default/files/documents/ad-3027.pdf>, mula sa anumang tanggapan ng USDA, sa pamamagitan ng pagtawag sa (866) 632-9992, o sa pamamagitan ng pagsulat ng isang liham na naka-address sa USDA. Ang liham ay dapat maglaman ng pangalan, address, numero ng telepono, at nakasulat na paglalarawan ng di-umano'y diskriminasyong aksyon sa sapat na detalye ng nagrereklamo upang ipaalam sa Assistant Secretary for Civil Rights (ASCR) ang tungkol sa uri at petsa ng isang di-umano'y paglabag sa karapatang sibil. Ang nakumpletong AD-3027 form o sulat ay dapat isumite sa USDA sa pamamagitan ng:

koreo:  
U.S. Department of Agriculture  
Office of the Assistant Secretary for Civil Rights  
1400 Independence Avenue, SW  
Washington, D.C. 20250-9410; o  
fax:  
(833) 256-1665 o (202) 690-7442; o  
email:  
[Program.Intake@usda.gov](mailto:Program.Intake@usda.gov)

Ang institusyong ito ay nagbigay ng isang pantay na pagkakataon.